# Fact Sheet ng Code ng Pagkain #25

*Ano ang dapat mong malaman tungkol sa Code*

WWW.HEALTHOREGON.ORG
/FOODSAFETY

## Mga Espesyal na Proseso sa mga Establisyemento ng Pagkain

**OAR 333-150-0000, KABANATA 1-201.10**

Ang "Kombinasyon ng Establisyementong Nagseserbisyo ng Pagkain" ay nangangahulugan na anumang establisyemento ng pagkain na matatagpuan sa loob ng iisang istruktura o sa iisang site, at na kung saan nakikibahagi sa mga aktibidad na sasailalim sa paglilisensya o inspeksyon ng mga kinakailangan kapwa ng Awtoridad sa Kalusugan ng Oregon at Kagawan ng Agrikultura ng Oregon, at ang mga kinokontrol na aktibidad ay karaniwan sa parehong operator.

**MGA KADAHILANAN SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN:**

Mga espesyal na proseso na pinalawig sa labas ng Mga Tuntunin sa Kalinisan ng Pagkain at kailangan ng ibang pagsasanay at sertipikasyon para suriin. Dahil ODA ang naglilisensya at nagsusuri sa mga nagpoproseso, natanggap na ng kawani ang kinakailangang pagsasanay at sertipikasyon para suriin ang mga ganitong uri ng mga espesyal na proseso. Mas mabisang gamitin ang mga mapagkukunan na nakahanda na kaysa pakunin ang kawani ng county ng pagsasanay upang siyasatin ang ilang establisyemento na taglay nila na nasa loob ng kanilang nasasakupan.

Ang establisyementong nagseserbisyo ng pagkain ay maaaring pamahalaan kapwa ng Local Public Health Authority (LPHA) at ng Oregon Department of Agriculture (ODA) kapag nagsasagawa ng espesyal na proseso.

Hinihingi ng marami sa mga prosesong ito sa restawran na panatilihin ang kanilang kasalukuyang lisensya sa county, ngunit ngayon hinihilingan na sila na kumuha ng hiwalay na lisensya mula sa ODA pati na para sa espesyal na proseso.

Sa mga establisyementong ito, bibigyan lamang ng ODA ng lisensya at sisiyasatin ang espesyal na proseso, at ang LPHA ang magbibigay ng lisensya at magsisiyasat sa natitirang operasyon.

Ang mga mobile unit ay maaari lamang magsagawa ng espesyal na pagpoproseso sa lisensyadong komisaryo.

**Mga proseso na kailangan ng variance mula sa OHA:**

- **Pagtutuyo ng Karne**— Pagdaragdag ng nitrites/nitrates sa mga karne, tuyong binurong tsoriso at mga produkto sa mahinang aktibidad ng tubig gaya ng prosciutto
- **Pagpapausbong sa site**—ihahain nang nilutong mabuti
- **On-site na pagpapaasim** ng sushi rice
- **Pagbabawas ng Hangin na Pagbabalot** na mga aktibidad sa labas ng mga kinakailangan ng Tuntunin sa Kalinisan ng Pagkain
- Iba pang mga aktibidad sa paghahanda ng pagkain sa labas ng Mga Tuntunin sa Kalinisan ng Pagkain

Para sa higit na impormasyon sa variance ng proseso, pumunta sa: www.healthoregon.org/foodsafety/Pages/variance.aspx

**Mga proseso na kailangan ng lisensya sa ODA:**

- **Pagpoproseso ng Pinaasim na Pagkain**—ang mababang asido kung saan ang acid o ma-acid na pagkain ay idinaragdag at may balanseng pH na 4.6 o mas mababa at aktibidad ng tubig na mas mataas sa 0.85. Ang mga ito ay mga pagkaing matatag sa istante gaya ng salsa, mga sarsa ng barbecue, at mga dressing na nakabote para pahabain ang itatagal o para sa pagtitingi. Hindi kasama rito ang pagpapaasim ng kanin.
- **Pagpapausbong sa site**— inihahain nang hilaw sa establisyemento
- **Pagpoproseso ng lamang-dagat**— pagbabalot/ pagbebenta ng isda/mga produktong isda sa ibang lisensyadong establisyemento o pagbebenta sa labas ng pwesto
- **Pagpoproseso ng katas**— pagbabalot/ pagbebenta ng katas at mga produktong katas sa ibang lisensyadong establisyemento o pagbebenta sa labas ng puwesto
- **Pagpoproseso sa De-latang Pagkain na Mababa sa Acid**— anumang pagkain na may pH na mas mataas sa 4.6 at aktibidad ng tubig na mas mataas sa 0.85, gaya ng mga sitaw. Madalang itong makita sa mga restawran dahil sa malaki ito at magastos sa kinakailangang kagamitan sa pagpoproseso
- **Pagpoproseso sa produktong gawa sa gatas**— pagbabalot/ pagbebenta ng mga produktong gawa sa gatas sa ibang lisensyadong establisyemento o pagbebenta sa labas ng establisyemento. Ang mga walang gatas na iladong panghimagas ay hindi kailangang magkaroon ng hiwalay na lisensya mula sa ODA.

Kapag pinili ng establisyemento na gawin ang isa sa mga espesyal na prosesong ito, ang unang hakbang ay magsaayos ng pagpupulong sa pagitan ng tagapagsiyasat ng LPHA at ng ODA. Pag-uusapan ng mga tagapagsiyasat ng parehong ahensya ang tungkol sa espesyal na proseso at magkakaroon ng kasunduan sa kung aling ahensya ang magbibigay ng lisensya at magsisiyasat sa bawat bahagi ng establisyemento.

Ang pagkatuklas ng LPHAs sa hindi lisensyado at/o mga hindi awtorisadong espesyal na proseso na bibigyan ng lisensya ng ODA sa isang establisyemento ay dapat hingin sa operator na ihinto ang pagpoproseso at makipag-ugnayan sa kanilang katuwang na lokal na ODA para talakayin ang operasyon.